FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT

# FAQs

# SURVEY PARA SA MINIMUM WAGE ACCOMMODATION OFFSET

SETYEMBRE 2024



## Ano ang minimum wageaccommodation offset?

Ito ay isang regulasyon na bumubuo sa bahagi ng ordinansa sa National Minimum Wage (2013). Isinasaad nito na kung ang isang minimum o pinakamababang sahod na empleyado ay ibinawas sa kanilang mga gastos sa tirahan at iba pang gastusin mula sa kanilang kabuuang suweldo, dapat itong ilapat sa 50% ng halaga ng pagbibigay ng tirahan sa maximum o pinakamataas na halagang £90.60 kada linggo.

Ang minimum wage accommodation offset ay nandito upang payagan ang mga employer na mabilang kung ilan, ngunit hindi lahat, ang halaga ng pagbibigay ng akomodasyon sa mga manggagawa bilang parte kanilang sahod.

Kinikilala nito ang pangangailangan ng mga negosyo sa Falklands na magbigay ng tirahan o accomodation para sa mga empleyado nito at ang mga gastos sa pagsasagawa nito, habang tinitiyak na mayroong mga proteksyon para sa mga nasa minimum na sahod o mababang suweldo.

## Sino-sino ang hinahanapan ng pananaw ng konsultasuyong iyo?

Ang regulasyon ay nakakaapekto sa mga negosyong nagbibigay ng tirahan para sa kanilang mga empleyado at manggagawa na nasa minimum na sahod o mababang suweldo, na pribadong umuupa ng kanilang tirahan mula sa kanilang employer. Masigasig ang FIG na makarinig mula sa dalawang grupo ng mga taong ito.

Ang mga impormasyon at ang feedback survey ay ilalapat sa Ingles, Espanyol, Tagalog, at Shona para bigyang-daan ang pinakamaraming tao na makapagbigay ng kanilang mga pananaw.

## Bakit komukunsulta ang FIG sa bagay na ito?

Nagkabisa ang regulasyon na ito noong 2013 at hindi pa ito nagbabago, at maraming isyu ang inilahad sa kung paano ito naipatupad:

**Rate o halaga –** Ito ay itinakda sa parehong antas sa nakalipas na 11 taon, kung saan pareho ring tumaas ang minimum na sahod at ang halaga ng pagbibigay ng tirahan..

**Kung kanino nalalapat ang rate –** ang regulasyon na nakasulat ay nalalapat lamang sa mga empleyado na ibinawas ang bayad sa kanilang tirahan mula sa kanilang kabuuang suweldo. Hindi ito inilalapat sa mga empleyado na nagbabayad para sa kanilang tirahan nang hiwalay, o kung saan ito ay ibinibigay nang libre ng kanilang employer.

**Ano ang saklaw ng rate –** ang rate ay kasalukuyang sumasaklaw sa tirahan o accomodation at board (rumerenta ng kwarto) ngunit walang kahulugan na nauugnay sa board. Ang board ay hindi rin ibinibigay sa pangkalahatan ng mga tagapag-empleyo at kadalasang nauugnay sa MPC, Camp at industriya ng Turismo.

FALKLAND ISLANDS GOVERNMENT

# FAQs



## Ano ang mali sa kasalukuyang regulasyon?

Ang regulasyon at ang offset ay nanatiling walang pagbabago mula pa noong 2013 kung saan malaki ang itinaas sa halaga ng pagbibigay ng akomodasyon at ang gayundin ang minimum wage o pinakamababang sahod.

Katulad nito, ang paraan ng pagsusulat ng regulasyon, ay humahantong sa mga hindi pagkakapare-pareho sa kung paano inilalapat ang regulasyon. Nangangahulugan ito na nalalagay sa isang dehadong sitwasyon ang ilang mga manggagawa at mga negosyo.

## Anu-ano ang mga pagbabagong iminumungkahi?

Wala pang isinasagawang desisyon sa kung paano babaguhin ang offset ng accommodation. Ang unang hakbang sa proseso ay ang kumonsulta sa mga manggagawa, negosyo, at sa mas malawak na komunidad, kasunod dun kung aling feedback ang susuriin at bubuo ng mga pamamalakad sa panukala.

Anumang iminungkahing mga pagbabago sa mga kasalukuyang regulasyon ay isusumite sa ExCo para aprubahan.

## Paano ko maibibigay ang aking mga pananaw?

Bukas ang konsultasyon mula sa ika- 24th ng Setyembre 2024. Magkakaroon ng online survey na maaari mong sagutan dito: **https://www.falklands.gov.fk/policy/consultations**

Pakitandaan na may magkakaibang survey, depende kung ikaw ay isang empleyado o employer.

Maaaring makakuha ng kopya ng survey sa papel mula sa Secretariat at maaaring ibalik ito sa:
*Matt Daniel, Policy Department, The Secretariat, Thatcher Drive, Stanley.*

Magkakaroon din ng dalawang drop-in sessions (harapang pulong) na isasagawa sa mga araw at oras na ito:

- **Huwebes, ika-10 ng Oktubre, 12-1pm, sa Harbour Lights Cinema Conference Room**
- **Martes , ika-15 ng Oktubre, 5-6pm, sa Harbour Lights Cinema Conference Room**

Kung nais mong makakuha ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay:
Matt Daniel, Policy Advisor (FIG), sa email na **mdaniel@sec.gov.fk**